

## **Ang lalawigan ay kumuha ng malaking supply ng gamot na panlunas sa sakit ng mga bata**

Disyembre 06, 2022 [Mga Katanungan sa Media](#)

Upang labanan ang kakulangan ng gamot sa pananakit at lagnat ng mga bata, nakakuha ang lalawigan ng limang milyong mga botelya ng acetaminophen at ibuprofen ng mga bata para sa mga pamilya sa Alberta.

Sa loob ng dalawang buwan, ang mga magulang at mga tagapag-alaga sa buong Canada ay naharap sa kakulangan ng mga gamot sa pananakit at lagnat ng mga bata. Ang kakulangan na ito ay naglalagay ng karagdagang stress sa mga pamilya at sa sistema ng kalusugan, habang mas maraming mga Albertan ang bumibisita sa mga parmasya, mga manggagamot at mga ospital. Upang matiyak na ang mga gamot sa pananakit at lagnat ng mga bata ay madaling makuha sa buong lalawigan at makapagbigay ng kaginhawahan sa mga bata at mga pamilya, ang pamahalaan ng Alberta at mga Serbisyo sa Kalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) ay nakakuha ng supply ng limang milyong mga yunit ng acetaminophen at ibuprofen mula sa Atabay Pharmaceuticals at Fine Chemicals.

Ang pamahalaan ng Alberta at ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) ay nakikipagtulungan sa Health Canada sa pagkumpleto ng proseso ng pagtatatag ng pag-apruba sa paglilisensya ng gamot. Kapag naibigay na ang pag-apruba, ipapadala ang gamot sa Alberta sa mahigit 10 kargamento sa himpapawid. Sa sandaling dumating ang gamot sa lalawigan, ito ay ipapamahagi sa komunidad at mga retail na parmasya upang mabili ito ng mga magulang at mga tagapag-alaga para sa kanilang mga anak. Dahil ang pamahalaan ng Alberta ay nakakuha ng napakaraming mga botelya ng gamot sa pananakit at lagnat,

inaasahang mahahanap ito ng mga Albertan sa mga istante ng parmasya sa parehong paraan na nakita nila dati ang mga may tatak na pangalang gamot. Gayunpaman, ang mga indibidwal na parmasya ay magkakaroon ng kakayahang mag-isyu ng gamot mula sa likod ng counter kung nag-aalala sila tungkol sa supply ng kanilang tindahan.

Ang Atabay Pharmaceuticals at Fine Chemicals ay mayroon nang pag-apruba ng Health Canada para sa mga hilaw na sangkap nito at kasalukuyang nagpapadala ng parehong mga dosis na pinagsisikapan ng Alberta na makuha sa ibang mga bansa tulad ng Estados Unidos at United Kingdom.

## **Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang gamot ay gagawin sa isang pasilidad na inaprubahan ng Health Canada sa ibang bansa.
- Ang pagpapakete aysusunod sa mga alituntunin ng Health Canada.
- Ang tingiang gastos sa mamimili ay aayon sa karaniwang halaga para sa ganitong uri ng gamot.
- Ang mga gamot na na-import sa Canada ay dapat matugunan ang mga regulasyon sa kaligtasan, kalidad at pagiging epektibo na itinakda ng Health Canada upang mabigyan ng pahintulot para sa pag-import.